

ANO ANG SEKSWAL NA PANLILIGALIG SA PABAHAY?

Ang sekswal na panliligalig sa pabahay ay anumang hindi kanais-nais na sekswal na kilos ng tagapagbigay ng pabahay laban sa isang nangungupahan o aplikante batay sa kanilang kasarian. Kasama sa mga halimbawa ng tagapagbigay ng pabahay ang mga may-ari ng ari-arian, mga landlord, mga tagapamahala ng ari-arian, mga broker ng mortgage, mga ahente ng real estate, mga manggagawa sa pagpapanatili, mga kawani ng awtoridad sa pabahay, mga empleyado ng kumpanya ng pamamahala, at iba pa.

Nagbibigay-daan ang mga batas sa patas na pabahay sa mga tao na humingi ng mga legal na remedyo kung ang isang tagapagbigay ng pabahay ay nandidiskrimina batay sa ilang partikular na protektadong kategorya. Kabilang dito ang lahi, kulay, relihiyon, bansang pinagmulan, kasarian, katayuan sa pamilya, o kapansanan.

MGA HALIMBAWA NG SEKSWAL NA PANLILIGALIG SA PABAHAY?

May dalawang pangunahing uri ng sekswal na panliligalig sa pabahay, at parehong labag sa batas: quid pro quo at mapanganib na kapaligiran.

Quid Pro Quo (Isang Bagay Bilang Kapalit)

Isang tagapagbigay ng pabahay ang humihingi ng pabor na sekswal bilang kapalit ng benepisyo sa pabahay. Isang insidente lang ang sapat para labagin ang batas.

Mga Halimbawa:

- Nag-alok ang may-ari ng paupahan na ibababa ang renta ko kung makikipagtalik ako sa kanila.
- Sinabi ng maintenance worker na maaayos nila agad ang lababo ko kung makikipag-date ako sa kanila.
- Aaprubahan lang ng tagapamahala ng apartment ang aplikasyon ko kung gagawa ako ng gawaing sekswal sa kanila.

Mapanlait na kapaligiran

Hindi kanais-nais na sekswal na pag-uugali na nakakaabala sa iyong kakayahang makakuha o mag-enjoy sa iyong tirahan. Dapat ay malubha at malaganap ang panliligalig. Isang malubhang insidente ay maaaring sapat na para labagin ang batas, ngunit ang patuloy na sunud-sunod na mga insidente ay maaari ring maglabag sa batas.

Mga Halimbawa:

- Sinubukan akong hipuin ng tagapamahala ng aking ari-arian nang pumunta ako para bayaran ang aking renta.
- Patuloy na hinihiling ng guwardiya sa front desk na makita mga hubad na larawan ko.
- Nagkomento ang case worker ko sa awtoridad sa pabahay tungkol sa katawan ko.
- Patuloy na nagpapadala sa akin ng mga sekswal na biro ang isang ahente ng real estate at mga larawan kahit na hiningi ko nang itigil nila.



MAKIPAG-UGNAYAN SA AMIN

Kung sa tingin mo ay ikaw o ang isang taong kilala mo ay maaaring naging biktima ng sekswal na panliligalig sa pabahay, maaaring matulungan ka ng Fair Housing Project. Ikkonekta ka namin sa tanggapan ng PSLS na nagseserbisyo sa lalawigan kung saan ka nakatira.

855-FHP-PSLS (347-7757)
pslegal.org/fairhousing



PONDO

Ang gawaing nagsilbing batayan para sa publikasyong ito ay sinuportahan ng pondo sa ilalim ng isang grant mula sa Kagawaran ng Pabahay at Urbanong Pag-unlad ng Estados Unidos. Ang nilalaman at mga natuklasan ng gawaing ito ay iniaalay sa publiko. Ang may-akda at ang naglathala ang nag-iisang may pananagutan sa katumpakan ng mga pahayag at interpretasyon na nakapaloob sa publikasyong ito. Ang mga interpretasyong ito ay hindi kinakailangang sumasalamin sa pananaw ng Pamahalaang Pederal.

Tumatanggap ang Fair Housing Project ng espesyal na pondo upang pagsilbihan ang mga tao sa mga lalawigan ng Boone, Lake, McHenry, Peoria, Tazewell at Winnebago; sa Lungsod ng Bloomington at sa Bayan ng Normal.



LSC | America's Partner
for Equal Justice
LEGAL SERVICES CORPORATION

Upang suportahan ang aming gawain, bisitahin ang pslegal.org/donate.

Maghanap ng mga legal na mapagkukunan at mag-apply para sa tulong sa Illinois Legal Aid Online. Bisitahin ang illinoislegalaid.org o i-scan ang code.



**PRAIRIE STATE
LEGAL SERVICES**

Administratibong
Tanggapan
303 North Main Street
Suite 600
Rockford, IL 61101
815-965-2134
info@pslegal.org
pslegal.org

